
Virgilio S. Almario. *Kalahating Siglo sa Ibabaw Mundo at mga Kataka-takang Ala-ala't Engkuwentro*. (Pasig : Anvil Publishing Inc., 1998), pp. 35-39, 101-4.


XAVIER UNIVERSITY LIBRARIES
T 20629


Kalahating Siglo
sa Ibabaw
ng Mundo

At Mga Kataka-takang
Alaala't Engkuwentro

Virgilio S. Almario

ANVIL

AUG 2 5 1998


899.2113
al·62
1998
c.2

Kalahating siglo sa ibabaw ng mundo
Virgilio S. Almario

Karapatang-ari © Virgilio S. Almario, 1998

Reserbado ang lahat ng karapatan
kasama na ang karapatan sa reproduksiyon
at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban
kung may nakasulat na pahintulot mula sa
mayhawak ng karapatang-ari.

Inilathala at eksklusibong ipinamamahagi ng
ANVIL PUBLISHING INC.
3/F Rudgen II Bldg.
17 Shaw Blvd.
1600 Pasig City
Filipinas
telepono: 631.7048, 633.6121, 633.6136
fax: 631.3766
email: anvil@fc.emc.com.ph

Dibuho at disenyo ng pabalat ni ALBERT GAMOS
Panloob na disenyo ni ANI V. HABÚLAN

Inilimbag sa Filipinas ng CACHO HERMANOS

ISBN 971-27-0729-6

Ang Mabuting Tao



HINDI ko mapigil ang sarili na isulat ito. Matagal na itong nangyari at nalathala na sa peryodiko. Ngunit nanghihinayang ako kaya gusto kong muling ipabasa sa mga sumusubaybay sa *Filmag*.

Liham ito ni Roman Mabanta Jr. ng Makati na lumabas sa *Daily Inquirer* noong Disyembre 28, 1994. Ayon kay Mabanta, nasa kanto raw siya ng Katipunan at Aurora, Loyola Heights nang mapansin niyang nawawala ang kanyang wallet. May lamang P5,000 ang kanyang portamoneda kaya naisip niya agad na mahirap nang mabalik ito sa kanya. Umaasa na lang siya na sana'y may magsauli ng nakapalaman ding mga credit cards, lisensiya, at iba pang papeles kahit na itago ang kuwalta.

Kinabukasan, Linggo, nagulat ang mga kasama sa bahay ni Mabanta nang may tumeleponong "Liling." Napulot daw ng isang Jose de Luna ang wallet ni Mabanta at ilang oras daw nabigo si Mang Jose sa paghanap ng bahay sa Loyola Heights ni Mabanta para isauli ang napulot. Lumilitaw na nakita sa wallet ang telepono ni Mabanta at pinakiusapan si "Liling" para tawagan ang may-ari ng wallet.

Nakausap ni Mabanta si Mang Jose sa telepono. Sinabi ng huli na gusto sana niyang isauli sa araw ding iyon ang wallet pero wala siyang sasakyan kaya sa Lunes na lamang niya maibabalik ang wallet. Gayunman, sabi niya, kung may panahon si Mabanta ay puwede niyang puntahan kahit noon din ang wallet sa bahay ng nakapulot.

Nautusan naman ni Mabanta ang kanyang manugang na lalaki para magpunta kina Mang Jose.

Nang dumating daw ang inutusan kina Mang Jose ay naglabasan ang mga kapitbahay para manood kung ano ang mangyayari. Lumilitaw na alam nila ang istorya ng napulot na portamoneda at may mga nagpayo kay Mang Jose na huwag na itong isauli. Pagkabigay daw ni Mang Jose sa wallet ay ininspeksiyon agad ito ng manugang ni Mabanta. Namangha siya dahil walang nawawala. Ang buong P5,000 ay ni hindi nagalaw.

Kahit noong naroon pa ang manugang ni Mabanta ay nagbubulungan ang mga kapitbahay ni Mang Jose. May mga nagsasabi pa raw na sira siguro ang ulo ni Mang Jose dahil sa ginawa. Sayang nga naman ang P5,000 at hindi naman mayaman sina Mang Jose.

Inalok daw ng manugang ni Mabanta si Mang Jose ng malaking pabuya. Pero nagpakatanggi-tanggi daw si Mang Jose at sinabi lamang na maligaya siya't nakatulong sa kapwa. Tinanggap ng maybahay ni Mang Jose ang pabuya pero pagkaraang pilitin.

Si Mabanta ang nagsabi sa liham na pumitlag ang kanyang puso dahil sa nangyari. Mabuti raw at nabalik ang kanyang mga papeles. "But what made it more remarkable," sabi niya, "was that over family and peer presure, an honest man did what was right and moral." Pambihira nga naman si Mang Jose. Isa siyang drayber sa Arlington Funeral Chapel. Tiyak na kailangan niya ang dagdag na salapi sa bulsa. Gayunman, sa kabila ng ulok ng mga kapitbahay at marahil nga'y kahit ng sariling pamilya ay pinili niya ang kabutihan.

ISINULAT ni Mabanta ang nangyari para ipaalam sa madla, sa ating lahat, na may mabuting tao pa sa mundo — si Mang Jose.

Ngayon, may sinikal diyan na magsasabing: Naliliitan siguro si Mang Jose sa P5,000. Kung nagkataong malaki ang laman ng wallet ni Mabanta ay baka maduling din si Mang Jose.

May alaskador naman diyan na manunulsol: Mainam siguro'y sabitan ng medalya si Mang Jose. O kaya'y bigyan ng TV show, tulad ni Mang Pandoy.

Ang takbo ng utak ng mga siniko ang sanhi ng pagkawala natin ng tiwala sa tao. Talaga kasing gayon ang "sinikal" — laging naghahanap ng butas, laging umaasa na may masamang epekto ang anumang makitang mabuti. Pag tinanggap natin ang pananaw na masisira ang kabutihan ni Mang Jose kung mas malaki ang halagang nasa wallet ay para nating tinatanggap na sagad sa kaluluwa ang takaw ng tao sa salapi at yamang materyal. May kani-kaniya nga lamang antas ng takaw. May inaalipin ng demonyo sa halagang piso. May nasisira ang moralidad sa P5,000. At may tulad ni Mang Jose, na mas mataas sa P5,000 ang andar ng katakawan.

Pag gayong pag-iisip ang mangingibabaw ay hindi lamang si Mang Jose ang ating iniinsulto. Iniinsulto natin pati ang ating mga sarili, dahil tinatanggap nating may presyo ang ating pagkatao.

Ang kantiyaw na bigyan ng parangal si Mang Jose ay kabilang mukha lamang ng ismid ng sinikal. Iisa ang kanilang ibig sabihin. Lumilitaw din sa banat ng alaskador na may presyo ang kabutihan, na puwede itong tapatan ng medalya, palakpak ng madla, at iba pang gantimpala. Ang isasagot ko: Kung ang lahat ng magsauli ng napulot at makagawa ng kabutihan ay bibigyan ng TV show, baka maubos ang 24-oras ng kahit dalawampung estasyon. Sa kabilang dako, kahit magkaroon ng TV show ang sanlibong nagsauli ng wallet ay natitiyak kong hindi maghahari ang mabuting tao. May sanlibo lamang na magkakaroon ng TV show pero milyon-milyon pa rin ang hindi magsasauli ng wallet kapag nakapulot ito.

Wala rin ba akong paniwala na may mabuting tao?

Naniniwala ako na may mabuting tao. Ngunit hindi marami ang kanilang bilang. Kaya katangi-tangi si Mang Jose. Ang mabuting tao, tulad ni Mang Jose, ay isang maliit na minorya sa ating kasalukuyang lipunan. Hamak na marami sa kanila ang magnanakaw — yaong taong talagang

inuubos ang panahon at selula ng utak hinggil sa kung paano makukuha ang hindi kaniya. Baka wala tayong makitang mabuting tao sa loob ng simbahan bukod sa tiyak na wala tayong makikitang halimbawa sa bulwagang maharlika at iginagalang.

Sa pamamagitan ng liham ni Mabanta ay humanga ako kay Mang Jose. Kung baga sa adbertisment, natural ang dating niya bilang mabuting tao. Dili kaya'y parang natural lang ang kaniyang pagiging mabuti. Ang ibig kong sabihin, gumawa siya ng kabutihan dahil tao siya. At iyon ang totoong mabuting tao.

IBA ang kalidad ni Mang Jose kaysa mga tao na gumagawa ng "kabutihan" habang nagpaparetrato. (Sa liham nga ni Mabanta ay hindi niya nabanggit kung nagkita sila nang personal ni Mang Jose. Para wika nga'y nagpakodak man lamang silang magkaakbay.) Lalo namang iba ang uri ni Mang Jose kaysa mga tao na nag-iisip ng tubo sa paggawa ng "kabutihan." Sila iyong civic-minded kuno na pagkaraa'y kakandidatong konsehal, meyor, o kongresista. O kaya'y mga estudyanteng volunteer sa ganito't ganoong community work para tumaas ang grado at masabitan ng medalya sa extracurricular. O kaya'y mga negosyanteng namimigay ng kung ano bilang promo ng kompanya o bagong produkto. O kaya'y kahit mga manang na may lihim palang ambisyong maging santa.

Sa maikling salita, mga "kabutihan" para makaakyat sa langit.

Noong isang gabing medyo lumakas ang ulan ay napasabay ding namatay ang traffic lights sa isang interseksiyon ng EDSA. Walang pulis o barangay tanod man lamang sa paligid. (Kung bakit nawawala ang uniporme kapag umulan?) Mangyari pa, nagkani-kaniyang sibad ang mga sasakyan. At hindi nagtagal ay nagkaroon ng tinatawag na gridlock. Nagkabuhol-buhol ang mga sasakyan sa gitna ng interseksiyon at walang puwedeng makalusot. Mangyari pa, kani-kaniyang mura; kani-kaniyang busina.

Di kaginsa-ginsa'y isang lalaking nakapayong ang lumitaw sa gitna ng lansangan. Nagsimula siyang makipag-usap sa mga nagmamaneho. Pagkaraan, pinaatras niya ang isang panig, pinaabante ang kabilang panig, pinatabi ang isa pang lugar, at kung ano-ano pang maniobra na sinunod

naman ng lahat. Hindi nagtagal, umandar ang trapiko sang-ayon sa senyas ng lalaki.

Mula sa malayo, sa loob ng aking kotse, ay hangang-hangang inaaninaw ko sa gitna ng ulan ang lalaking nakapayong. Matagal ko siyang napagmasdan dahil ang aming linya ang huli niyang pinaabante. Ibig kong pumalakpak sa kanyang kabutihan. Ibang-iba sa tulad kong naroon din na nagsungit lamang ang isip pero walang ginawa para lutasin ang problema.

Malapit na akong makalagpas sa interseksiyon nang huminto sa tabi ng lalaki ang isang kotse sa kasalubong kong linya. Binuksan ng lalaki ang panlikod na pinto ng kotse at sumakay. Hindi pa ako nakalalayo sa interseksiyon ay nalingunan kong muling nagbuhol ang mga sasakyan. Well, kahit paano'y nagpasalamat ako't nakinabang din sa pansamantalang "kabutihan" ng lalaking nakapayong.

Ay, talagang mahirap makakita ng iba pang Mang Jose!

Pebrero 4, 1995

Tatlong tapik kay Pic

KAILANGAN kong sulatin ito pagkatapos dumalo at makapagsalita sa booklaunching ng *My Own Bout with Cancer & Other Last Essays* ni Pacifico N. Aprieto nitong Biyernes, Marso 24, 1995. Kailangan kong sulatin para maituwid ang sinabi ko sa naturang okasyon at para makapaghabol ng ilang pangungusap para sa awtor na sinawi ng kanser nitong nakaraang taon lamang.

Ang totoo, sinadya ang petsa ng booklaunching para gunitain ang kamatayan at libing ni Pic (PNA sa iba). Isa ako sa naimbita ni Ka Andy (Andres Cristobal Cruz), ang editor ng koleksiyon, para magbigay ng biglaang paggunita kay Pic.

Sapagkat biglaan, daplis agad ang una kong pangungusap. Binanggit kong una kong nakatagpo si Pic nito lamang dekada 80 nang imbitahan niya akong magtanghalian at magpalitan ng karanasan sa larangan ng paglalathala ng libro. Manedyer siya noon ng Instructional Materials Corporation (IMC) na naglalabas ng mga textbuk para sa paaralang publiko at kasalukuyan ko noong pinalalakas ang mga proyektong pambata kaugnay ng Aklat Adarna. Nalimot ko na ang totoo naming unang pagkikilala ay noong

Itinanong ko kung bakit ayaw kaming tulungan ng ibang Japa
Nakatawa ring ipinaliwanag niya na mahusay daw kasi kaming mag-
Akala nila, Japanese kaming nagtatanga-tangahan sa Tokyo!

NGUNIT pumasok ako minsan sa Tesoro's kasunod ng isang grupong tu
mulang Japan. Binati ako ng despatsadora sa Niponggo at magalan
sinamahan sa loob ng shop Pagtatanong kong, "Magkano ba ito?" big
lumayo.

Kasama ko sina Pinggot (Zulueta) sa isang bar sa Mak
Napagkaisahan akong ipakilalang si "Mr. Tankatsu." Ginampanan ko nam
ang papel. Talagang inasikaso ako ng kapareha ko na gustong mag
Japayuki. Bali-baling Ingles lang ang nasasabi ko. Hanggang alas-dose h
akong hindi makapagsalita ng Filipino.

Ang malas, biglang dumating ang isang Japayuki. Siyemp
ipinakilala sa akin. Binirahan ako ng Nipponggo. Ipinasiya kong lumal
noon din. Nagtatawanan namang sumunod sina Pinggot.

Wala naman akong pera para magpa-plastic surgery. Lagi tuloy ak
pinag-iingat ng misis ko. Baka raw ako makidnap.

Enero 10, 1998

Doggerel

TAON ng aso ngayon (1994) sa kalendaryong Intsik. Tulad ng dapat asahan, nagpaligsahan kamakailan ang mga magasin sa mga lathalain kung bakit mahal ng tao ang aso. Hindi nila tinanong ang misis ko. Kung nagkataon, nakatagpo sila ng tao na ayaw sa aso at kung maaari'y ipapapatay ang makitang ako sa kalye.

Nakagat kasi ng aso ng aming kapitbahay ang misis ko nitong nakaraang Disyembre 7. (Pasensiya na kayo, pero ibig kong tandaan ang petsang ito bilang Araw ng Lagim sa aming pamilya.) Hindi basta kagat at hindi ng isa kundi dalawang aso. Nag-iwan ito ng dalawang malaki't maitim na peklat sa kaniyang kaliwang binti at kanang hita. Isipin mo kung gaano kalagim ang dinanas niya nang sakmalin ng dalawang mabangis na hayop. Alam din ninyo, makinis at maganda ang legs ng aking misis. Kaya talagang hangga't naroon ang dalawang masagwang peklat ay hindi patatawarin ng misis ko ang lahat ng aso sa balát ng lupa.

Hindi naman talaga kasalanan ng kapitbahay ko ang lahat. Naliligid ng mataas na pader ang kaniyang bahay at kaya puwede niyang pawalan sa loob ng kanyang bakuran ang kanyang lima yatang aso. Ngunit ang

aksidente ay aksidente. Dapithapon na noon at biglang sinumpong ng sakit ang aking kapitbahay. Kaya dali-daling isinugod sa ospital. Pagbukas ng tarangkahan ay humabol sa kotse ang dalawang aso. Tiyempo namang nagdaraan ang misis ko at biglang sinagpang ng mga anak ng demonyo.

Aksidente ang lahat, ang lagi kong alo tuwing maghihimutok siya tungkol sa nangyari. Aksidente? angal niya, hindi mangyayari iyon kung itinatali nila ang kanilang mga aso. At alam kong hindi pa tapos ang kasong ito bagama't hindi ko mahulaan ang susunod na kabanata.

ANG nakatutuwa ay naisulat ko na ito noong 1984. May tula akong ang pamagat ay "Mga Aso sa Subdibisyon" at dito ko isinadula kung paanong natutong magtayo ng pader at magkalayo ang damdamin ng isang kapitbahayan dahil sa aso. Basahin ninyo uli ang itinugma ko noon:

Dati namang tahimik ang aming pook
At bihira ang may lihim na nabulok;
Lahat yata kami'y wala ni munting kutob
Na isa sa amin ay masamang-loob.

Pero nag-alaga ng aso si kapitbahay
Nang masungkitan ng pantalong sinampay;
Inireklamo ko naman ang pananalakay
Ng kanyang bantay sa tanim kong gulay.

"Bakit di ka rin nag-alaga ng aso?"
Ang medyo paasik pa niyang payo
Na sinunod ko, bukod sa pag-asikaso
Sa pader na may tanim na baság na baso.

Nag-alaga rin ng aso si kaharap
Dahil sa masasamang balitang nagaganap;
Naisip din niya pagkaraan na mas ligtas
Ang pagpapagawa ng bakod na mataas.

Di nagtagal, gumaya si ibang katabi
Lalo nang pasukin ang kalapit na groseri;
Mga aso'y naging mas mabagsik at malaki,
Nauso pa ang alarma't guwardiya sa gabi.

Kung bakit di-maiwasan ang desgrasya:
Nasagasaan si Princess isang umaga.
Nakagat ni Bulldog ang anak ni Doktora.
Inaway ni Tagpi ang mas maliit na si Pula.

Dumalang ang mga dalawan at miting
Nagdaan man ang krisis at masamang hangin;
Si kapitbahay pala'y umalis at dumating
Ay di ko napansing santaon sa Bahrain.

Payapa pa rin ang buhay sa subdibisyon
Liban kung may gabihin sa paglilimayon
Dahil tiyak na maraming sisilip at bubulong
Pagsambulat ng di-maawat na kahol at aluluong.

At talaga namang nakakapeste kung hatinggabi na't gusto mong makatulog at saka biglang magtatahulan na parang baság na plaka ang mga aso ng kapitbahay dahil sa may kung sinung bumisita o dumating.

Bukod dito'y maraming dahilan para mabuwisit sa mga asong pinababayaang lumaboy sa kalye. May nobela si Milan Kundera na nagsasalaysay kung paanong ginawang kampanya ng isang samahan ng matatanda ang panghuhuli ng mga aso sa parke. Nagalit daw ang matatanda dahil nagdudumi ang mga aso sa kanilang malinis na pasyalan.

Ang totoo'y gustong tuyain ni Kundera ang buhay sa Czechoslovakia noong panahon ng Komunismo. Pinagtatawanan niya ang estriktong disiplina doon na ipinapataw pati sa kalayaan ng mga aso. Pinagtatawanan din niya ang naisip na kampanya ng unyon ng matatanda dahil sa kanilang kagustuhang makapaglingkod sa lipunan.

Ngunit may katwiran ang matatanda kapag naisip mong tunay na pumapanghi at bumabaho ang paligid, kahit na ang isang parke na dapat ay malinis at maaliwalas para sa mga gustong magpahinga at mamasyal, dahil sa kabastusan ng mga aso. May isang lugar sa aming subdibisyon na "Kalye Matakla" ang tawag at iniiwasan ng lahat dahil sa sangkaterbang etsas ng aso tuwing umaga. Ugali kasi ng mga may-ari na pawalan o ipasyal ang kanilang mga aso sa umaga para umihi at tumae sa lansangan. May batas ba tayo laban sa salaulang ugaling ito?

HINDI lang iyon. Marami kami sa subdibisyon na jogging o walking ang ehersisyo. Tiyak din na bawat isa sa amin ay may dalang pamalo o tungkod paglabas ng bahay. Hindi dahil sa takot sa holdaper o kidnaper. Ano ba ang magagawa ng kapirasong kahoy laban sa itututok sa iyong armalyt? Kailangan ang pamalo para sa mga asong nagkalat sa kalye kung umaga at malimit manghabol ng mga naglalakad o tumatakbo.

May isang kalye sa amin na maraming aso. Alam ba ninyo ang bisyo ng mga asong ito? Inaabangan nila tuwing umaga ang nakabisikletang nagrarasyon ng diyaryo. Pagdaan ng pobreng diyarista ay bibira ng tahol ang mga aso at daig pa ang kuyog ng ahas na hahabulin ang bisikleta. Totoo, hindi naman kinakagat ang nagrarasyon. Pero paano kung biglang may isang asong matuwa at kagatin siya? Bukod pa, kung ako ang pobreng diyarista ay tiyak na tataas ang presyon ko sa nerbiyos tuwing hahabulin ng mga saragateng hayop.

Ang malungkot pa, nobenta porsiyento sa mga lumalaboy na aso sa kalye ay hindi nasasaksakan ng anti-rabies. Anupa't bawat makita nating aso sa lansangan ay potensiyal na kriminal. Kung minsan nga'y naiisip kong magdala ng baril at puntiryahin ang lahat ng makitang aso sa daan. Ang problema'y hindi ako marunong humawak man lang ng baril. Naiisip ko namang magdala ng pandesal na may lason at ipakain sa mga aso. Pero baka naman madamay ang mga mahilig sa asusena.

Ngayon, huwag mong isipin na kaaway ako ng aso. Nakagat na ako ng aso noong bata pa at dinanas ko ang hirap magpaineksiyon. Mas marami noon ang ineksiyon kaysa ibinigay sa misis ko. Pero hindi ako nagkimkim ng masidhing galit sa aso. May alaga pa akong aso noon na parang sidekick saanman pumunta. Nang masagasaan ito ay halos maiyak ako sa lungkot.

Hindi ako galit sa aso; galit ako sa mahilig mag-aso pero hindi marunong mag-alaga. Galit ako sa mga tao na itinuturing na aso ang kanilang aso. Ang ibig kong sabihin, gusto lang ang aso bilang bantay ng bahay o paminsan-minsang kalaro ngunit hindi isinasaloob ang responsibilidad bilang may-ari ng aso. Hindi ba't maraming magulang na pabaya sa anak? Mas marami ang pabaya sa kanilang alagang aso. Ni hindi inaasikaso ang pagpapaineksiyon sa kanilang alaga.

Sila sana ang makagat ng kanilang aso at sapitin ang kamatayan ni Fernando Poe Sr.

Siyanga pala, kung tutuusi'y alanganin ang tingin nating mga Filipino sa aso. Masisinag ito sa ating wika. Kapag may tao na masama ang ugali, ang tawag natin ay "dugong-aso." Ngunit kapag may tao namang mabait at masunurin ay tinatawag nating "aso." (Kaya grabe ang binabansagan noong "tuta" ng Kano. Aso na nga, maliit pa.) Hindi kataka-taka na may mga kapatid tayong mahilig mag-alaga ng aso ngunit para gawing pulutan pagdating ng kasayahan.

Ang mga dog-eater ang huli kong pag-asa para maubos ang mga palaboy na aso sa aming subdibisyon. Ang plano ko'y imbitahin ang isang tribu sa Cordillera para mag-hunting sa aming kapitbahayan. Tiyak na sako-sako ang pulutan nilang iuuwi para sa kanilang kanyaw. Maliban kung mabasa ito ng aking mga kapitbahay at matutong itago ang kanilang mga aso.

Pebrero 13, 1994